

"Maraming salamat kay Mark at sa City of Renton sa muling pagpapagana sa pugon ng bahay ko. Mahigit isang taon akong walang pampainit sa bahay nang malaman ko ang programa ninyo. Hindi ko malilimutan ang kabaitan at tulong ninyo, at sana mabayaran ko ito balang araw."

—Kliyente

Tumutulong para mapanatili ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente ng Renton

Ang programang ito ng Lungsod ng Renton ay nagbibigay ng libheng at simpleng pagsasaayos para sa kalusugan at kaligtasan ng kuwalipikadong mga residente ng Renton.

Tumutulong ang programang ito para manatiling ligtas ang tahanan at abot-kamay habang napapanatili ang kalidad ng ating komunidad.

Nagseserbisyo mula Lunes hanggang Biyernes simula 7:30 ng umaga hanggang 4 ng hapon.

PARA MAKAPAG-APPLY:
tumawag sa 425-430-6650 o
i-download ang aplikasyon
sa rentonwa.gov/hrap.



FAng ilang bahagi ng pondo para sa programang ito ay ibinigay ng First Financial Northwest Bank.

Salamat sa sumusunod na mga katuwang:



Weatherization Program



Seattle



Housing Repair Program



Rotary
Club of Bellevue
Appliance Program



21 Club



Dibisyon ng Serbisyong Pantao
1055 S. Grady Way
Renton, WA 98057
425-430-6650
rentonwa.gov/hrap



09/2022

Tulong Programa Para sa Pagsasaayos ng Bahay



Libre at simpleng pangkalusugan at pangkaligtasang pagsasaayos ng bahay para sa kuwalipikadong mga residente ng Renton





Kuwalipikado ba ako?

Para maging kuwalipikado, ang aplikante ay dapat na:

- ✓ Nakalista sa titulo ng bahay.
- ✓ Pag-aari ang bahay sa loob ng di-kukulangin sa isang taon.
- ✓ Kasalukuyang nakatira sa bahay.
- ✓ Nakatira sa loob ng lungsod ng Renton.
- ✓ May taunang kita ang pamilya na mas mababa sa 80% sa gitnang bahagi ng Pangbahay at Pang-lunsod na Pagpapaunlad (Housing and Urban Development, HUD) tingnan ang kalakip.



Libre ang mga serbisyong ibinibigay

Ang mga serbisyo ay batay sa nakitang pangangailangan ng tauhan at mga maaaring mapagkuhanan. Ang pinakamataas na gastos para sa bawat kliyente, kada taon ay \$6,000 na may pinakamataas na gastos na \$10,000 sa loob ng 10 taon.

Ang mga pangkalusugan at pangkaligtasang serbisyo ay ginagawa lang sa pangunahing bahagi ng bahay (hindi sa carport, nakabukod na garahe, o bakod).

Pagsusuri: Kailangan ng inspeksyon bago isagawa ang serbisyo.

Kaligtasan: Maglagay ng detektor ng usok at carbon monoxide at mga ilaw na panseguridad. Ayusin at/o palitan ang mga baitang at hagdan.

Pagtutubero: Ayusin at/o palitan ang pa-initan ng tubig, tumutulong gripo, mga valve, palikuran, lababo, lagusan, at tubo.

Elektrikal: Ayusin at/o palitan ang pundidong ilaw, switch, saksakan, circuit, at bentilador na labasan ng hangin.

Weatherproofing: Linisin, ayusin, at/o palitan ang mga alulod at tubong nakakonekta rito.

Pagpapainit: Ayusin ang mga pugon, thermostat, at mga gamit sa pagpapainit.

Mga Hakbang para sa mga may Kapansanan: Maglagay, ayusin at/o palitan ang rampa sa labas, barandilya, hawakan, shower na hinahawakan, upuan sa tub/shower, mas pinataas na upuan ng palikuran, hawakan sa gilid ng tub, at pihitan ng pintuan at hawakan ng gripo.

Pag-bubong: Alisin ang mga lumot at konting pag-aayos sa bubong.

PARA MAKAPAG-APPLY: tumawag sa 425-430-6650
o i-download ang aplikasyon sa rentonwa.gov/hrap